Ebanghelyo ayon kay Lukas 22 : 50 - 51

Batid ni Hesus na malapit na ang Kanyang kamatayan. Nagkaroon siya ng huling hapunan kasama ang kanyang mga kaibigan, pagkatapos tinungo Niya ang kalapit na hardin upang manalangin. Habang Siya'y nanalangin, isang lupon ng kalalakihan ang umaresto sa kanya. Ginamit ni Pedro ang kanyang balarao para putulin ang tainga ng isa sa mga lalaking gustong arestuhin si Hesus. Agad namang sinabi ni Hesus kay Pedro na itabi na niya ang kanyang balarao. Pagkatapos ay hinipo ni Hesus ang tainga ng lalaki at pinagaling niya ito.



Maging sa panahon na Siya ay arestuhin, nagpapagaling pa rin si Hesus. Hindi Siya humihinto sa pagpapagaling. Nahahabag Siya sa bawat taong may karamdaman na makita Niya. Ngayon, nahahabag pa rin si Hesus para sa taong may karamdaman. Ang puso Niya ay nagnanasang sila'y pagalingin. Walang sinuman ang nanangis para sa mamamatay na bata tulad ni Hesus. Ngayon pa lamang nakikita ng ating mundo ang mapagpagaling na pag-ibig ni Hesus. Hesus, dagdagan mo ang aking pananampalataya sa mapagpagaling mong pag-ibig.